



Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation: A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

LEARNING MATERIAL

# Paano Magsagawa ng Maayos na Pulong

TEDDY BAGUILAT, JR.

**Panimula**

Matapos ang mga kinakailangang paghahanda sa pag-oorganisa ng isang pulong (halimbawa: paghahanda ng agenda, pagpapadala ng imbitasyon, at iba pa), ang kailangan na lang ay ang pagsasagawa ng pulong. Ang mainam na paghahanda ay siyang kinakailangan sa isang matagumpay na pulong.

Kung naipadala na ang agenda bago pa ang pulong, malalaman agad ng mga kalahok kung ano ang pag-uusapan at makakapag-bigay sila nang maayos na kontribusyon sa usapan.

**Gawain ng Tagapangulo**

Ang Tagapangulo (Chairperson) ay siyang kailangang manigurado na maayos ang magaganap na pulong.

Tungkulin niyang sabihin kung ano ang layunin ng pulong at paalalahanan ang mga kalahok kung bakit sila nagtipon.

Ang mga sumusunod ang mga kailangang sundin sa pagsasagawa ng isang pormal na pulong:

- Ang Tagapangulo ang siyang mag-aabala para sa pulong;
- Ang lahat ng mga puntong sasabihin ng mga kalahok ay ididirekta sa Tagapangulo;
- Ang isang kalahok sa pulong ay hindi dapat sumabay kung mayroong nagsasalitang ibang kalahok;
- Ang maayos na talastasan at pagkakasundo ang layunin ng bawat diskusyon; at,
- Kung hindi magkakasundo sa isang desisyon, maaring bumoto ang mga kalahok at tanggapin ang pasya ng nakararami.

Kailangang siguruhin ng Tagapangulo na maayos ang daloy ng talakayan. Kinakailangang isali ang lahat ng kalahok at hindi lang hayaan na may isa o dalawang nangunguna sa talakayan. Ang Tagapangulo rin ang dapat mag-ulit o magbigay ng buod ng mga mahahalagang paksa upang:

- Maitala ang pag-usad o ang hindi pag-usad ng pagpupulong;
- Ibalik ang kaayusan sa pulong kung sakaling nagiging magulo na ang talakayan;
- Bigyang-diin ang mga konklusyon at napagkasunduan ng mga kahalok;
- Bigyang-diin ang mga mahalagang punto; at,
- Bigyang-linaw ang anumang hindi pagkakaunawaan.



Kailangang siguruhin din ng Tagapangulo na tama ang bilis ng daloy ng talakayan at sumusunod sa itinakdang oras ang pulong.

Sa pagtatapos ng pulong, ang Tagapangulo ang siyang magbubuod ng mga napagkasunduan at magpapasalamat sa mga kalahok sa kanilang mga naiambag sa pulong. At sa huli, kailangang matukoy kung kailan ang petsa at oras ng susunod na pulong.

### Tungkulin ng mga Kalahok

Ang pakikilalahok ng mga kasama sa pulong ay mahalaga sa tagumpay ng mga pulong. Ang isang pulong ay maituturing na maayos kung ang mga kalahok ay:

- Nakapaghanda bago ang pulong at nakapagdala ng mga kinakailangang datos at dokumento;
- May pagpapahalaga sa oras;
- Iginagalang ang karapatan ng iba pang mga kalahok na magsalita at magbahagi;
- Hindi pinapangunahan ang pulong;
- Nakatuon ang atensyon sa talakayan;
- Nagtatanong nang makabuluhan upang makabuo ng maayos na desisyon; at,
- Ginagawa ang mga nakatakdang gawain at tinatalakay sa ibang kasapi ang napag-usapan sa pulong.

### Bakit hindi nagiging makabuluhan ang isang pulong?

Hindi nagiging makabuluhan ang isang pulong **kung** nagaganap ang mga sumusunod:

- Hindi naisasaad nang maayos ang mga layunin;
- Inuunang talakayin ang mga hindi mahahalagang mga paksa kung kaya nasasayang ang oras ng mga kalahok;
- Hindi maayos ang pagpapadaloy ng Tagapangulo;
- May isa o dalawang kalahok na pinapangunahan ang talakayan;
- Masyadong maraming kalahok kaya hindi nagiging maayos ang daloy ng talakayan at hindi nakakapag-ambag ng ideya ang lahat;
- Ang mga desisyon ay nababatay lang sa nais ng ilang kalahok at hindi ng karamihan;
- Walang malinaw na napagkasunduan o hindi kaya ay isinasantabi ang mga kailangang bigyang pansin o pagdesisyunan na punto;
- Ang Tagapangulo o Kalihim ay minamanipula ang buod ng pulong upang masunod ang kanilang gusto; at,
- Walang kakayanan na magdesisyon ang mga kalahok at kailangan pang magkonsulta sa ibang tao kung kaya hindi nakakapagkomento nang maayos sa pulong.



**Sanggunian**


Bryant, A. (n.d.). *How to run a more effective meeting*. The New York Times – Breaking News, World News & Multimedia. https://www.nytimes.com/guides/business/how-to-run-an-effective-meeting

Community Tool Box. (n.d.). *Chapter 16. Group facilitation and problem-solving Section 1. Conducting effective meetings*. https://ctb.ku.edu/en/table-of-contents/leadership/group-facilitation/main

The Open University. (n.d.). Working in the voluntary sector. OpenLearn. https://www.open.edu/openlearn/ocw/mod/oucontent/view.php?id=50112§ion=2\

Skills You Need. (n.d.). *Planning and structuring effective meetings. SkillsYouNeed*. Skills You Need - Helping You Develop Life Skills. https://www.skillsyouneed.com/ips/meetings.html



Ang learning material na ito ay inihanda ni Teddy Baguilat, Jr. para sa proyektong *"Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System."* Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

**Citation**

Baguilat, T. Jr. (2020). *Paano Magsagawa ng Maayos na Pulong*. ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].


ANGOC

The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).


33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011 | Email: angoc@angoc.org
Website: www.angoc.org


The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.


c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406


PAFID

Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.


71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406
Email: pafid@skybroadband.com.ph | Website: www.pafid.org.ph